Republika ng Pilipinas
Tanggapan ng Pangulo

# KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

11 Mayo 2015

**Bb. CORAZON IGNACIO**
Education Program Supervisor-Filipino
Kagawaran ng Edukasyon-San Jose del Monte
San Ignacio St., Poblacion
San Jose del Monte, Bulacan

Mahal na Binibining Ignacio:

Magalang po naming hinihiling ang inyong tulong at tangkilik na dumalo o magpadala ng mga kalahok mula sa inyong dibisyon/distrito sa **Pambansang Kongreso sa Pagpaplanong Wika** na gaganapin sa 5-7 Agosto 2015, sa Lingayen Pangasinan.

Ang kongresong ito ay dadaluhan ng mga kinatawan ng iba't ibang organisasyong pangwika, ahensiya ng pamahalaan, bukod sa mga guro at superbisor sa Filipino, midya, at mananaliksik-wika na pawang magmumula sa iba't ibang rehiyon ng Filipinas. Layunin ng kongresong ito na makabuo ng mga kongkretong plano ng mga programa at proyekto para sa wikang Filipino.

Ang registration fee ng mga dadalo ay TATLONG LIBONG PISO (Php 3,000.00) para sa seminar kit at pagkain (3 tanghalian at 6 meryenda), hindi po rito kasama ang akomodasyon. May diskuwentong 20% (Php 2,400.00) para sa maagang magpaparehistro hanggang 30 Hunyo 2015, maaaring ideposito sa:

> Landbank Malacañang Branch
> Account Name: Komisyon sa Wikang Filipino
> Account Number: 1512-1036-30

Mangyaring ipadala agad ang rehistrasyon at deposit slip sa pamamagitan ng fax no. 736-2525 loc. 102 o email add. shee_bvega@yahoo.com. Kung mayroon po kayong tanong o paglilinaw, maaaring sumulat sa email add sa taas o tumawag sa telepono blg. (02) 736-2519 o 736-2524/25 lokal 101 o mobile number 09435640813 at hanapin si Remedios Vasquez.

Inaasahan namin ang muli ninyong pagdalo at pakikisa sa mga gawaing pangwika ng Komisyon sa Wikang Filipino. Pauna ang aming pasasalamat.

Lubos na sumasainyo,

**VIRGILIO S. ALMARIO, National Artist**
Tagapangulo

July 7, 2015

ADVISORY No 47 s 2015

Pursuant to DepEd Order No 30, s 2009, (DECS Order No 28 s 2001) this ADVISORY is issued for the information of all concerned

GERMELINA H PASCUAL
School Division Superintendent

2/F Watson Building, 1610 JP Laurel Street, San Miguel, 1005 Maynila
(02) 736.2525/24; 736.2519; 734.5547; 736.3830; 733.7260; 516.0326
www.kwf.gov.ph komfil.gov@gmail.com